# BATAS SA MGA KARAPATAN MGA BOTANTE

## MAYROON KAYO NG MGA SUMUSUNOD NA KARAPATAN:

1. **Ang karapatang bumoto kung kayo ay isang rehistradong botante.** Kayo ay kwalipikadong bumoto kung:
   - isa kayong mamamayan ng U.S. na nakatira sa California
   - 18 taong gulang pataas na kayo
   - kayo ay rehistrado sa kung saan kayo kasalukuyang nakatira
   - hindi kayo kasalukuyang nakapiit sa isang pang-estado o pederal na bilangguan dahil sa pagkakahatol sa isang krimen, at
   - hindi kayo kasalukuyang itinuturing ng hukuman na walang kakayahan para bumoto dahil sa kalagayan ng isip

2. **Ang karapatang bumoto kung isa kayong rehistradong botante kahit na wala ang pangalan ninyo sa listahan.** Boboto kayo gamit ang isang pansamantalang balota. Bibilangin ang inyong boto kung matutukoy ng mga opisyal ng halalan na kwalipikado kayong bumoto.

3. **Ang karapatang bumoto kung nasa pila pa rin kayo kapag nagsara ang mga botohan.**

4. **Ang karapatang bumoto gamit ang lihim na balota** nang walang nang-aabala sa inyo o nagsasabi sa inyo kung paano bumoto.

5. **Ang karapatang makakuha ng bagong balota kung nagkamali kayo,** kung hindi pa ninyo naihuhulog ang inyong balota. Maaari ninyong gawin ang sumusunod:

   **Humingi ng** panibagong balota **sa isang opisyal ng halalan sa lugar ng botohan,**
   **Papalitan ng panibago ang inyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo**
   sa isang opisina ng halalan, o sa inyong lugar ng botohan, o
   **Bumoto gamit ang pansamantalang balota.**

6. **Ang karapatang makatanggap ng tulong sa paghuhulog ng inyong balota** mula sa sinumang inyong pipiliin, maliban sa inyong employer o kinatawan ng unyon.

7. **Ang karapatang ihulog ang inyong nakumpletong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa anumang lugar ng botohan** sa California.

8. **Ang karapatang makatanggap ng mga materyal ng halalan sa wikang iba pa sa Ingles** kung may sapat na bilang ng mga tao sa inyong pagbobotohan na presinto na gumagamit ng wikang iyon.

9. **Ang karapatang magtanong sa mga opisyal ng halalan tungkol sa mga pamamaraan ng halalan** at mapanood ang proseso ng halalan. Kung hindi masasagot ng taong tatanungin ninyo ang inyong mga tanong, dapat niya kayong ituro sa tamang taong makakapagbigay ng sagot. Kung kayo ay nakakaabala, maaari niyang ihinto ang pagsagot sa inyo.

10. **Ang karapatang mag-ulat ng anumang ilegal o mapanlinlang na aktibidad sa halalan** sa isang opisyal ng halalan o sa opisina ng Kalihim ng Estado.

    - Sa web sa **www.sos.ca.gov**
    - Sa pamamagitan ng telepono sa **(800) 339-2957**
    - Sa pamamagitan ng email sa **elections@sos.ca.gov**

**KUNG NANINIWALA KAYONG PINAGKAITAN KAYO NG ALINMAN SA MGA KARAPATANG ITO,** TUMAWAG SA KUMPIDENSYAL NA LIBRENG HOTLINE PARA SA BOTANTE NG KALIHIM NG ESTADO SA **(800) 339-2957.**